





Easy English 2016
Madaling Ingles 2016

Ang iyong mga karapatan kapag ikaw ay bumibili ng isang bagay





**Ang iyong mga karapatan kapag ikaw
ay bumibili ng isang bagay**

Ang Batas Pangmamimili ng Australia



Easy English 2016
Madaling Ingles 2016

Ang iyong mga karapatan kapag ikaw ay bumibili ng isang bagay

Ang libritong ito ay tungkol sa iyong mga **karapatan (rights)** kapag ikaw ay bumibili ng isang bagay.




Ang mga karapatan ay mga bagay na lahat ng tao ay dapat

- makuha
- magkaroon
- magawa.


Ang libritong ito ay mayroong mahihirap na mga salita. Sa unang pagkakataon na aming isusulat ang isang mahirap na salita ito ay **asul**. Aming isusulat ang kahulugan ng mahirap na salita.

Ano ang iyong mga binibili?



Ang mga produkto (products) ay mga bagay na iyong ginagamit araw-araw. Halimbawa

- pagkain
- anumang bagay sa iyong bahay
- mga produktong nakakatulong sa iyong kapansanan.



Ang mga serbisyo (services) ay mga bagay na iyong binabayaran upang gawin ng isang tao para sa iyo. Halimbawa

- isang tagapaggupit upang gupitin ang iyong buhok



- isang tagalinis upang tulungan kang maglinis sa bahay

- isang manggagawang tagasuporta upang tulungan ka sa iyong tahanan

- mga serbisyo upang tulungan ka sa iyong kapansanan.

Ano ang isang magtitinda?



Ang **magtitinda (seller)** ay isang taong nagbebenta ng mga produkto at serbisyo sa iyo.


Ang isang magtitinda ay nagtatrabaho para sa isang negosyo. Binabayaran mo ang magtitinda para sa mga produkto at serbisyo.



Maraming paraan upang makapamilya ng mga produkto at serbisyo mula sa isang magtitinda.

Halimbawa, maaari kang bumili ng isang bagay

- mula sa isang tindahan



- sa internet



- sa telepono.



Maaari ka din bumili mula sa isang taong nagpupunta sa iyong bahay. Ang taong ito ay tinatawag na **door-to-door seller**.

Bago ka bumili ng isang bagay




Bago ka bumili ng isang bagay dapat mong

- sabihin sa magtitinda kung ano ang iyong gusto o kailangan

- magtanong sa magtitinda tungkol sa kung ano ang kanilang ibinebenta



- siguraduhin na iyong naiintindihan ang kanilang sinasabi sa iyo



- huwag kang mag-madali



- basahin ang **kontrata (contract)**. Ang kontrata ay isang pirasong papel na nagsasabi sa iyo at sa magtitinda kung ano ang **dapat** ninyong gawin. Ang isang kontrata ay maaari din tawaging **kasunduan ng serbisyo (service agreement)**.



Maari mong hilingin ang tulong ng isang taong iyong pinagkakatiwalaan.



Dapat kang kumuha ng **resibo (receipt)** sa bawat beses na bumili ka ng produkto o serbisyo. Ang resibo ay isang piraso ng papel na nagsasabing ikaw ay nagbayad ng produkto o serbisyo.

Dapat mong itabi ang iyong mga resibo sa ligtas na lugar.




Kapag ang magtitinda ay **hindi** nagbigay ng resibo, dapat kang humingi ng isa.

Minsan may mga maling pangyayari



Ang magtitinda ay maaaring **hindi** magsasabi sa iyo ng katotohanan. Halimbawa, ang magtitinda ay nagsabing ipapadala sa iyo ang produkto ng walang bayad.



Ngunit pagbabayaran ka ng magtitinda para sa pagpapadala ng produkto sa iyo.



Maaari kang **takutin (bully)** ng magtitinda. Ibig sabihin nito ay maaari ka nilang piling bumili ng isang bagay na **hindi** mo gusto.



Ang produktong iyong binili ay maaaring sira. Halimbawa, bumili ka ng laptop at ang screen ay **hindi** gumagana.



Maaari kang makatanggap ng isang bagay na iba sa iyong kagustuhan. Halimbawa, bumili ka ng kayumangging sapatos sa internet. Ngunit ang magtitinda ay nagpadala sa iyo ng asul na sapatos.



Maaari kang makakuha ng pangit na serbisyo. Halimbawa, nagbayad ka ng isang tagalinis sa buong bahay. Ang tagalinis ay **hindi** naglinis sa banyo.



Kapag may nangyaring mali kung saan nakakaramdam ka ng

- pandaraya
- galit
- pagkabalisa.

Hindi mo kailangang makaramdam ng ganito.



Mayroong mga batas na nangangalaga sa iyo kapag ito's nangyari.



Ang batas kapag ikaw ay bumili ng isang bagay

Ang **Batas Pangmamimili ng Australia (Australian Consumer Law)** ay

pinapangalagahan ka kapag may pangyayaring mali. Ayon sa batas



- maaari mong sabihin na **hindi** ka masaya sa produkto o serbisyo



- kapag ang problema ay **maliit**, maaari kang makakuha ng tulong upang ayusin ito



- kapag ang problema ay **malaki**, maaari mong makuhang muli ang iyong pera o panibagong produkto.

Sinasabi ng batas na **nararapat** kang tulungan ng magtitinda. Ang batas na ito ay tinatawag na **garantiya para sa mamimili**.

Ano ang dapat gawin kapag mayroong mali



Makipag-ugnayan sa negosyo o kumpanya.

Sabihin mo sa kanila na


- mayroong mali sa produkto o serbisyo
- nais mong ayusin ng magtitinda ang problema.



Maaaring hilingin sa iyo ng negosyo ang resibo.

Garantiya

Minsan kapag ikaw ay bumili ng isang bagay ay makakakuha ka ng **garantiya (warranty)**. Ang garantiya ay isang pangako mula sa magtitinda upang ayusin ang isang problema.



Ang garantiya ay maaaring magtagal lamang ng 1 taon.

Ang ibang magtitinda ay maaaring subukan kang bentahan ng isang mas matagal na garantiya. Ang tawag sa ganito ay **pinahabang garantiya (extended warranty)**. Maaaring mas mahal ito.



Maaari mong **ayawan** ang pinahabang garantiyang ito.



Tandaan ang iyong mga karapatan.

Maaari kang magpaayos ng problema ng walang bayad.

Ang mga door-to-door seller



Ang isang magtitinda ay maaaring pumunta sa iyong bahay upang subukang magbenta sa iyo ng isang bagay.



Hindi mo sila kailangang papasukin.
Maaaring kang **tumanggi**.



Maaari mong sabihing pagiisipan mo ito.


Maaari mo silang sabihang umalis.



Panatilihing ligtas ang iyong personal na impormasyon.

Huwag mong ibigay sa door to door seller

- ang iyong lisensya sa pagmamaneho



- ang numero ng iyong credit card


- ang mga numero ng iyong bank account.



Maaari kang maglagay ng babala sa iyong pintuan. Maaaring magtaglay ang babala ng **Ang mga magtitinda ay bawal kumatok. Mangyaring umalis (Sales people do not knock. Please leave.)**

Maaari kang makakuha ng kopya ng babala mula sa ahensiyang pangmamimili sa iyong estado. Nakatala ang mga ito sa dulo ng librito.

Kapag nais mong bumili sa isang door-to-door seller



Ayon sa batas

- **hindi** mo kailangang magbayad sa loob ng 10 araw ng trabaho
- ang magtitinda ay dapat kang bigyan ng nakasulat na kontrata
- mayroon kang 10 araw ng trabaho upang magbagong isip. Ang tawag dito ay **cooling-off period**.



Maaari kang humingi sa magtitinda ng karagdagang nakasulat na impormasyon.



Maaari kang humingi ng tulong sa taong iyong pinagkakatiwalaan.

Humingi ng tulong sa pagbili ng mga produkto at serbisyo para sa iyong kapansanan



Ang National Disability Insurance Scheme (NDIS) ay maaari kang tulungan sa pagbili ng mga produkto at serbisyo gamit ang iyong pera mula sa NDIS.

Mayroong mga patakaran tungkol sa mga maaari mong bilhin gamit ang perang galing sa NDIS.

Maaari kang makipag-ugnayan sa NDIS kapag kailangan mo ng tulong sa kung ano ang maaari mong bilhin gamit ang perang galing sa NDIS.




1800 800 110



www.ndis.gov.au

Sino ang maaaring tumulong?



Maaari kang makipag-ugnayan sa ahensyang pangmamimili sa iyong estado. Ang isang ahensyang pangmamimili ay maaaring makatulong sa paggamit ng iyong mga karapatan bilang mamimili.

Australian Capital Territory

Access Canberra



13 22 81



www.act.gov.au/accessCBR

New South Wales

NSW Fair Trading



13 32 20



www.fairtrading.nsw.gov.au

Northern Territory

Consumer Affairs



1800 019 319



www.consumeraffairs.nt.gov.au

Queensland

Office of Fair Trading



13 74 68



www.qld.gov.au/fairtrading

South Australia

Consumer and Business Services



13 18 82



www.cbs.sa.gov.au

Tasmania

Consumer, Building and Occupational Services



1300 654 499



www.cbos.tas.gov.au

Victoria

Consumer Affairs Victoria



1300 558 181



www.consumer.vic.gov.au

Western Australia

Department of Mines, Industry Regulation and Safety



1300 304 054



www.consumerprotection.wa.gov.au

Para sa karagdagang impormasyon

Maari kang makahanap ng karagdagang
impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan
bilang mamimili sa

www.accc.gov.au/disabilityresources.

Australian Competition and Consumer Commission (ACCC)



1300 302 502



www.accc.gov.au

© Commonwealth of Australia 2016

Ang gawaing ito ay kopirayt. Kabilang sa anumang paggamit na pinahihintulutan sa ilalim ng *Copyright Act 1968*, lahat ng materyal na nilalalaman sa gawaing ito ay nakasaad sa ilalim ng isang Creative Commons Attribution 3.0 Australia Licence maliban sa:

- logo ng Batas Pangmamimili ng Australia
- mga larawan sa pambungad na pabalat na binili mula sa iStock (www.istockphoto.com) at lisensyado upang magamit ng Australian Competition and Consumer Commission
- mga simbolo at larawan sa panloob na mga pahina na nagmumula sa Picture Communication Symbols ©.1981-2010 by Mayer-Johnson LLC a Tobi Dynavox company — lahat ng karapatan ay nakalaan sa buong mundo at ginamit ng may pahintulot.

Ang Creative Commons Attribution 3.0 Australia Licence ay isang pamantayang anyo ng kasunduan sa paglisensya na nagpapahintulot sa iyo na kopyahin, ipamahagi, ikalat at iakma ang publikasyong ito sa kundisyon na iyong pangalanan ang basehan ng gawain. Ang buod ng mga tuntunin ng lisensya ay makukuha sa www.creativecommons.org/licenses/by/3.0/au/deed.en. Ang kabuuang tuntunin ng lisensya ay makukuha sa www.creativecommons.org/licenses/by/3.0/au/legalcode.

Ang Madaling Ingles sa publikasyong ito ay inihanda ng Scope (Aust) Ltd sa pamamagitan ng Scope's Communication and Inclusion Resource Centre (www.scopevic.org.au), na nakabatay sa nilalaman na ibinigay ng Australian Competition and Consumer Commission at mga kasamahang partido.

Ang mga kahilingan at katanungan tungkol sa pagkopya at mga karapatan ay dapat ipadala sa Director Corporate Communications, ACCC, GPO Box 3131, Canberra ACT 2601, o sa publishing.unit@acc.gov.au.

